

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-10 ng Hunyo 2020

ANONG BAGO

UPDATE MULA SA KEMH

Ang mga resulta ng mga swabs na sinusuri ng KEMH ay nananatiling negatibo sa COVID-19.

Mula sa petsang ito, dalawang daan at apatnapu't limang (245) swabs na ang nasuri sa ospital gamit ang isang bagong PCR analyser.

SURVEILLANCE TESTING

Dadagdagan ang surveillance swabbing, ngayong may kakayahan na ang KEMH na magsagawa ng pagsusuri dito sa isla.

Ang swabbing ay isang mahalagang paraan para subukan at hanapin ang SARS-CoV-2 virus, partikular na sa mga taong maaaring hindi nagpapakita ng sintomas.

Ibig sabihin, sila ay maaaring hindi nagpapakita ng sintomas na tulad ng sa trankaso ngunit maaaring nagdadala ng virus.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards na wala pang natutukoy na mga kaso ng COVID-19, ngunit palaging may posibilidad na magkaroon ng asintomaktikong pagkalat nito, kahit na mayroon nakalagay na labing-apat (14) na araw ng quarantine.

“Magbibigay ng karagdagang kasiguraduhan ang surveillance swabbing laban sa COVID-19, dahil dito maaari nating makita ang mga kaso na pailalim na kumakalat sa komunidad at agad na mapigilan ang pagkalat nito. Dahil dito, tayo ay makakatugon ng mas mabilis sa pamamagitan ng pag-se-self isolate ng mga tao, habang inaalam natin kung sino ang kanilang nakapagugnayan ng malapitan.”

Sinabi ni Dr Edwards na ang mga negatibong resulta sa mas pianalawig na pagsusuri ay mahalagang paghahanda sa nakaplanong pagluluwag ng mga paghihigpit sa ika-19 ng Hunyo sa mga grupong kasama sa higit na nanganganib.

Sa simula, ang surveillance swabbing ay naka-target sa mga manggagawa sa health care, ngunit ngayon ito ay isasagawa na rin sa mga taong nagtatrabaho na kung saan sila ay natural na nakikisalamuha sa maraming tao, tulad ng mga guro, shop assistants, mga opisyal ng Customs and Immigration, at iba pa.

“Dagdag dito, kung ikaw ay pupunta sa KEMH para sa isang konsultasyon, maaari kang bigyan ng swab test. Ito ay voluntaryong isasagawa ngunit hinihikayat naming ang lahat na isagawa ito dahil makakatulong ito sa aming pag-unawa.”

Isinasagawa rin ang surveillance swabbing sa MPC.

Sa hinaharap, magsasagawa na rin ng antibody tests ang KEMH.

Ito ay pagsusuri sa dugo na isinasagawa upang tingnan kung ang immune system ng isang tao ay tumugon sa isang sakit, sa kasong ito, ang COVID-19.

Sinusuri ng antibody tests ang dugo para malaman kung nagkaroon na ito ng impeksyon dati pa.

Magiging kapaki-pakinabang ito para malaman ang mga nakaraang sakit ng isang tao at para malaman kung nagkaroon na sila ng sakit na COVID-19. Kapaki-pakinabang na masubukan at magkaroon ng ideya kung ilan na sa ating populasyon ang na-expose na sa COVID-19.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards na ang ensayong ito ay tungkol sa pagsisiguro sa komunidad na handa ang KEMH.

“Nais rin naming maging pamilyar ang ating mga kawani sa kung ano ang mga kailangan sa pagbubuo ng isang pansamantalang ward at kung paano ito mag-oooperate. Sa gayon, inaasam namin na ma-film ang mga prosesong ito para sa ibang staff na hindi direktang kasama sa ensayong ito, para makita nila kung papaano gagana ang ward. Gusto rin naming ipaabot sa publiko ang ideya sa kung ano ang dapat asahan kung sakaling kailanganin natin ang ward.”

Makikipagugnayan ang KEMH kasama ang British Forces South Atlantic Islands sa ensayong ito.

Dahil sa ensayong ito, ang Leisure Centre ay isasara mula alas-nuebe ng gabi (9 pm) sa Martes, ika-16 ng Hunyo hanggang alas-singko (5pm) ng hapon sa Biyernes, ika-19 ng Hunyo.

PAGLULUWAG NG MGA PAGHIHIGPIT PARA SA MGA GRUPONG HIGIT NA NANGANGANIB

Nakipagugnayan na ang KEMH sa lahat ng taong kasama sa grupong higit na nanganganib, na inaasahang makalabas sa isolation sa Biyernes, ika-19 ng Hunyo. Habang maraming tao ang masayang nakalabas na sa isolation, maaring magdulot ito ng pangamba para sa iba. Nais ipaalala ng KEMH sa publiko na may health staff na nakatalaga upang magbigay ng pag-alalay sa sinumang nangangailangan ng suporta.

MGA PAGGUNITA

Araw ng Kasarinlan sa Linggo, ika-14 ng Hunyo.

Ang taunang serbisyo ay magaganap sa Cathedral, tulad ng nakasanayan, sa ganap na 9:45am.

Dahil sa mga requirements ng social distancing dahil sa COB+VID-19, may mas kakaunting upuan kumpara sa normal, ngunit inabisuhan ni Reverend Ian Faulds na bigyang prayoridad ang mga Beterano, at yaong mga nagbigay serbisyo sa FIDF at mga residente noong 1982.

Kung nais mong pumunta, at kasama ka sa mga nabanggit na kategorya at hindi ka pa natatawagan, makipagugnayan sa Cathedral sa lalong madaling panahon sa pagtawag sa mga numerong 21100, 22038, o sa 51051 – ay magpadala ng email sa Christchurch@horizon.co.fk - gagawin nila ang kanilang makakaya upang hanapan ka ng upuan.

Depende sa deman para sa mga tickets, maaaring may ekstrang upuan at sinumang nais dumalo ay hinihikayat na makipagugnayan.

Para sa mga taong mayroon nang tickets para sa serbisyo, para makapagsimula agad, hinihikayat kayo na makaupo sa ganap na 9:35am.

Katulad ng ibang mga paggunita na naganap sa panahong ito, palaging tandaan, na kahit na walang kaso ng Coronavirus sa isla, hindi ibig sabihin na walang panganib at kailangan nating siguruhin na sundin ang kinakailangan na social distancing.

Pakiusap na huwag pumunta kung ikaw ay may sintomas na tulad ng sa trankaso o kung ikaw ay naghihintay ng resulta ng pagsusuri sa COVID-19.

Ang serbiyo ay naka-broadcast sa Falklands Radio at naka live stream sa Facebook sa pamamagitan ng FIV, para ang lahat ay magkaroon ng oportunidad na marinig at mapanood ang katapusan ng panahon ng paggunita sa 1982.

Sinabi ni Reverend Faulds na ang Cathedral ay nagsisiguro na, sa kabila ng mga paghihigpit, tayo ay sama-sama bilang isang komunidad na parangalan ang mga taong nagbuwis ng kanilang buhay para sa kalayaang tinatamasa natin ngayon.

Susundan ng serbisyong ito ang isang Parada at serbisyo sa pag-alala sa 1982 Liberation Monument na kung saan ang Kagalang-galang na Gobernador, Chief Executive Barry Rowland, MLA Leona Roberts, at isang kinatawan mula sa BFSAI ay maglalalatag ng wreaths, na susundan ng mga grupo ng mga Beterano at ilang mga indibidwal.

Sa pagbabago sa nakasanayang parada, ang magkakasamang mga tropa na binubuo ng mga miyembro ng FIDF at BFSAI ay magbubuo ng mga pulutong sa Liberation Monument at hindi magmamartsa mula sa Cathedral. Hindi magkakaroon ng martsa ng mga tropa sa katapusan ng parada.

Ang contingent ng BFSAI ay binubuo ng mga tauhan mula sa Hillside Camp at 16 Medical Regiment na kasalukuyang nagbibigay ng serbisyo sa Stanley.

Irerepresenta rin ang BFSAI ng HMS Forth sa Stanley Harbour at ang RAF ay magbibigay ng isang flypast depende sa panahon at mga commitment sa operasyon. Dadalo ang Wing Commander Wood DCOS OPS para maging kinatawan ng Commander British Forces at maglatag ng wreath sa ngalan ng Armed Forces.

Ang publiko ay malugod na iniimbitahan na dumalo ngunit hinihiling na dumating bago mag 10:45am at panatilihin ang social distancing sa loob ng event. May limitadong espasyo para sa mga sasakyan kaya naman hinihiling sa mga tao na maglakad sa monument kung kakayanin.

Ang mga kabataan mula sa mga youth groups ay hinihikayat na dumalo suot ang kanilang mga uniporme ngunit kailangang manatili sa kanilang sariling pampamilyang bubbles sa halip na makisama sa parada.

Magsasagawa rin ng seremonya ang BFSAI sa MPA kasabay ng oras sa paggunita ng Araw ng Kalayaan ng Stanley.

Ang Falklands Radio ay mag-eere mula alas nuebe (9am) ng umaga hanggang alas seis (6pm) ng gabi, at tulad na nauna nang sinabi, magbibigay ng live coverage mula sa Cathedral at sa serbisyo mula sa Liberation Monument. Sa kalagitnaan ng araw at alas dos (2pm) ng hapon, sila ay magpapatugtog ng mga lokal at international hits at mga headlines mula sa mga panahong iyon na susundan ng isang pagdiriwang sa ere mula alas dos (2pm) at alas seis (6pm) ng gabi.

Hinihikayat ng Falklands Radio na magkaroon ng pakikisama ang komunidad kung maaari, lalo na sa hapon, kaya't makipagugnyanan sa kanila kung nais mong mag-record ng mensahe para iyong kapamilya at mga kaibigan, mag-request ng kanta, o makipagbahagi ng mga alaala.

QUARANTINE SA UK 2020

Ipinapaalala na nagpatupad ang UK ng sapilitang labing-apat (14) na araw ng quarantine para sa lahat ng manlalakbay na darating at nagbabalak na manatili sa UK. Ito ay ipapatupad sa lahat ng nationals, kasama ang mga mamamayan ng UK na pabalik sa UK.

Ang lahat ng manlalakbay na babalik o dadaan sa UK ay dapat na makakumpleto ng Contact Locator Form I, apatnapu't walong oras bago ka lumipad. Ito ay makikita online at maaaring makumpleto sa link na ito:

www.gov.uk/provide-journey-contact-details-before-travel-uk

Pagkatapos na makumpleto ang contact locator form, nirerekomenda namin na iyong i-print ang form at magdala ng kopya o ilagay ang kopya sa iyong telepono.

Ang mga pasahero ay maaaring tanungin na makapagbigay ng ebidensya kung sila ay nakarehistro sa UK GOV site bago sumakay.

Maaari ka ring hingan na magpakita ng kopya pagdating mo sa UK o bago ka magpatuloy sa iyong biyahe sa loob ng UK.

1. Pagbiyahe sa UK para manatili sa UK (ng hindi kinakailangan ng visa o may valid na visa)

Apatnapu't walong (48) oras bago ang iyong paglipad, kailangan mong makakumpleto ng contact locator form tulad ng nakasaad sa itaas. Wala nang iba pang mga requirements.

Gayunpaman, kung maglilipat ka sa UK, ang mga sumusunod na panuntunan ay:

2. Mga paglilipat ng UK (ng hindi kinakailangan ng visa o may valid na visa)

Ang mga pasahero na maglilipat sa UK at mananatiling nasa airside(halimbawa: mananatili sa isang airport) ay hindi kasama sa requirement na mag-self isolate ngunit kailangan nilang makapag-kumpleto ng kanilang contact locator form tulad ng nakasaad sa itaas.

Ang mga pasahero na dadaan ng border control para makadaan sa pamamagitan ng isa pang port (o dadaan sa kaparehong port sa ibang panahon) ay kinakailangan na mag self-isolate sa panahon ng kanilang paglagi sa UK at sumunod sa mga patnubay sa social distancing ng UK Government. Ang pampublikong transportasyon ay kailangang iwasan kung maaari.

3. Mga paglilipat na dadaan sa UK (at ikaw ay nangangailangan ng visa at wala ka nito) - Para makadaan sa UK at makapag-apply ng visa waiver – kailangan mo pa ring kumumpleto ng contact locator form - ngunit ang mga sumusunod na impormasyon ay kailangang ipadala sa immigrationofficer@customs.gov.fk:

- Kumpirmasyon ng iyong mga detalye (kabuuang detalye ng iyong pasaporte)
- Kumpirmasyon ng iyong Airbridge booking
- Kumpirmasyon ng iyong flight mula sa UK (kahit anong kailangan na flight sa loob ng apatnapu't walong (48) oras bago dumating sa UK)
- Kumirmasyon ng iyong address habang nasa UK
- Kumpirmasyon at mga detalye ng iyong transportasyon mula sa Brize hanggang sa susunod na alternatibong port

4. Mga paglilipat (Southbound) na dadaan sa UK patungong Falkland Islands -

Para sa paglilipat na dadaan sa UK at tutungo sa Falkland Islands sa pamamagitan ng RAF Brize Norton, kailangan mong kumumpleto ng contact locator form lamang.

PAGSUSURI SA PAGHIHIGPIT SA MGA BIBISITA SA FALKLAND ISLANDS

Pinahaba pa ng Executive Council ang mga paghihigpit sa mga non-essential visitors papuntang Falkland Islands ng karagdagang tatlung (30) araw mula sa araw na ito ng may mga ilang pagbabago sa mga papayagang makapasok.

Layunin ng mga paghihigpit na ito na mabawasan ang karagdagang pasanin sa KEMH at mabawasan ang panganib ng COVID-19.

Ang lahat ng mga darating sa Falkland Islands ay patuloy na ni-rerequire na mag quarantine sa loob ng labing-apat na araw mula sa pagdating, maliban na lamang kung sila ay manatili sa dagat bago sila dumating sa kaparehong haba ng panahon, walang senyales ng pagkakasakit, at ang barko ay kanilang ginamit ay nakakumpleto ng mga requirements na Maritime Health Declarations bago ito dumating.

Ang polisiyang ito ay susuriin muli sa ika-8 ng Hulyo 2020.

MGA PAGHIHIGPIT SA BIYAHE SA GITNA NG STANLEY AT MPC

Ikukunsidera ng mga MLA sa susunod na linggo ang mga pagbabago sa kasalukuyang polisiya sa paghihigpit sa pagbiyahe sa gitna ng Stanley at MPC.

CONCORDIA BAY

Malugod na inanunsyo ng ferry service ang pagtataas ng mga bilang ng mga pasahero na kanilang isasakay sa ilalim ng mga paghihigpit sa COVID-19.

Labingdalawa (12) na sa halip na walong (8) pasahero na ang kaya nilang isakay.

STANLEY PLAYPARKS

Inaprubahan ng mga MLA na ang lahat ng mga pook palaruan ay magbubukas muli sa Biyernes, ika-19 ng Hunyo.

SUSUNOD NA UPDATE

Paalala na an gating COVID-19 updates ay inilalabas isang beses sa isang linggo, tuwing Miyerkules.

Kami ay maglalabas ng karagdagang update sa pagitan nito kung may mahalagang impormasyon patungkol sa COVID-19.

Ang ating web page, www.fig.gov.fk/covid-19 ay maraming mapagkukunan ng mga patnubay at impormasyon.